## Sino ang dapat suriin para sa TB?

Kahit sinuman ay makakakuha ng sakit na Tuberkulosis, ngunit mayroong taong mas madaling makakuha ng impeksyon kaysa iba. Ang mga sumusunod na tao ay mas nanganganib at dapat magpasuri.

- Mga taong mayroong sintomas ng TB gaya ng pag-ubo, pagkahapo, pagpapawis sa gabi, lagnat, paggaan ng timbang, o pag-ubo ng dugo
- Mga taong walang tahanan
- Mga sugapa sa iniiniksiyong droga
- Mga taong may HIV
- Diyabetis
- Mga taong ginagamot sa diyalisis
- Mga taong may kakaibang kalagayan sa kanyang kalusugan na maaaring makapagpahina ng kanyang katawan (kanser,organ transplant, o steroid na gamot)
- Mga kasamahan sa bahay o sa trabaho ng isang taong may sakit na TB
- Mga taong bagong dating na galing sa mga lugar na ang TB ay karaniwan (gaya ng Asya, Aprika o Latin Amerika)
- Mga taong tumira o nagtrabaho sa bilangguan, bahay kalinga, at Silungan ng walang matuluyan

## Lugar para pagsusuri ng balat:

Adult Immunization and Travel Clinic: 101 Grove Street (Rm 102), (415) 554-2625

Castro - Mission Health Center: 3850 17th Street, (415) 934-7700

Children's Health Center at SFGH: 1001 Potrero Avenue (Rm 6M5), (415) 206-8376

Chinatown Public Health Center: 1490 Mason Street, (415) 364-7600

Curry Senior Center: 333 Turk Street, (415) 885-2274

Glide Health Services: 330 Ellis Street (4th Floor), (415) 674-6140

Haight Ashbury Free Clinic: 558 Clayton Street, (415) 746-1950

Lyon Martin Women's Health Service: 1748 Market Street, #201, (415) 565-7667

Maxine Hall Health Center: 1301 Pierce Street, (415) 292-1300

Mission Neighborhood Health Center: 240 Shotwell Street, (415) 552-3870

Mission Neighborhood Resource Center: 165 Capp Street, (415) 869-7977

Native American Health Center: 160 Capp Street, (415) 621-8051

North East Medical Services: 1520 Stockton Street, 82 Leland Avenue, 2308 Taraval Street, (415) 391-9686

Ocean - Park Health Center: 1351 24th Avenue, (415) 682-1900

Potrero Hill Health Center: 1050 Wisconsin Street, (415) 648-3022

St. Anthony's Free Medical Clinic: 150 Golden Gate Avenue, (415) 241-8320

San Francisco Free Clinic: 4900 California Street, (415) 750-9894

South of Market Health Center: 551 Minna Street, (415) 626-2951

Southeast Health Center: 2401 Keith Street, (415) 671-7000

Tom Waddell Health Center: 50 Lech Walesa Street, (415) 355-7400

TUBERKULOSIS

# Ano ang Tuberkulosis(TB)?

### Kailangan ko bang magpasuri?

## *Paano ko malalaman kung ako ay may sakit na TB?*

Ang manggagamot lamang ang makapagsasabi kung ikaw ay may TB. Unang dapat gawin ay ang pagsusuri ng balat o dugo. Ang positibong resulta ng balat o ng dugo ay nangangahulugan na ikaw ay may ***Latent TB Infection.*** Kung ang resulta ng pagsusuri ng balat o dugo ay positibo, mangangailangan ka ng reyos-ekis sa dibdib upang matiyak na ang mikrobyo ay hindi pa nagsisimulang makaapekto sa iyong mga baga ***Active TB Disease***. Gayundin, maaaring magbigay ka ng plema kung kinakailangan.

***Kung ikaw ay nagkaroon na ng positibong pagsusuri sa TB o kaya nagamot sa TB, ipagbigay – alam sa mga trabahador pangkalusugan habang ikaw ay sinusuri.***

# May pagkakaiba ang TB impeksyon at sakit na Tuberkulosis

## TB Impeksiyon

Kung ikaw ay isa sa mga taong mayroong impeksiyon ng mikrobyo ng TB:

- Natutulog ang mikrobyo ng TB sa katawan
- Wala kang sakit at walang mga palatandaan o sintomas
- Hindi mo maibibigay ang mikrobyo kaninuman



***Siya ay nagpasuri sa TB! Siya ay may impeksyon sa TB ngunit hindi nakakahawa.***

## Sakit na Tuberkulosis

Kung ikaw ay isa sa mga taong may sakit na Tuberkulosis:

- Mayroong buhay na mikrobyo ng TB sa iyong katawan.
- Ikaw ay may sakit at may palatandaan katulad ng ubo, lagnat at pagbaba ng timbang.
- **Kailangan sumangguni sa manggagamot.**
- **Maaaring** hawaan ang iba sa mikrobyo ng TB.



***Aktibong sakit na TB ay nakakahawa***

Ang mikrobyo ng TB ay iniuubo sa hangin ng taong may sakit na Tuberkulosis. Makakakuha ka ng TB kung malalanghap ang mikrobyo.

## Hindi NAKAKAHAWA ang TB sa:

- Damit
- Pagsasalo sa mga kagamitan sa pagkain
- Pagkain
- Kagamitan sa kama
- Kasilyas o kubeta
- Pakikipagkamay
- Ugnayang sekswal
- Gamitan at pagsasalo ng mga karayom pang droga

